
# "At Natuto si Buwaya"



Kuwento ni
Alan Apple C. Cosare

Guhit ni
Mateo D. Dedal





***Mga Kasanayan sa Pagkatuto***

*Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula* ***(F1PN-IIa-3).***

*Nasasabi ang sariling ideya tungkol sa tekstong napakinggan* ***(F1PN-IIIc-14).***

*Natutukoy ang mga salitang magkatugma* ***(F1KP-IIIc-8).***



Treasury of Storybooks

……………………………...

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Cosare, Alan Apple C. *At Natuto si Buwaya.* DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Alan Apple C. Cosare
Illustrator: Mateo D. Dedal


Learning Resource Managers: Aris B. Juanillo
Analiza C. Almazan

Davao City
Region XI

# At Natuto si Buwaya




Minsan sa isang ilog,
sa gitna ng kagubatan
ay may isang buwaya na ubod ng yabang.
Ipinagmamalaki niya
ang buntot niyang mahaba,
ang matigas niyang balat,
at ang malaki niyang bunganga.




Gustong-gusto niyang siya ay pinupuri
dahil ang tingin niya sa sarili niya
ay lubos siyang natatangi.
Sa lahat ng mga hayop,
siya raw ay laging wagi.
Sa lupa man o sa tubig,
siya raw ang waring naghahari.



Isang umaga ay naisipan ng buwaya
na ipagmayabang ang
magagandang katangian niya.
Tinawag niya ang baboy ramo, ang usa,
at lahat ng hayop na kaniyang kakilala.



“Hindi ba’t kay ganda ng buntot ko at balat?”
pagmamayabang ng buwaya sa lahat.
“Ngipin ko ay singtalim ng dulo ng sibat
at bibig ko ay mas malaki kumpara sa lahat.”



Lahat ng hayop na kaniyang kinausap ay
bumilib sa buwaya at sa kaniya ay nasindak.
Tingin niya tuloy lalo sa sarili na siya ay
nararapat na bansagang hari ng lahat
ng mga hayop sa gubat.



Ngunit sumabat ang maliit na maya na hindi nagustuhan ang pagmamayabang niya.

"Buntot mo man ay mahaba
at malaki ang iyong bunganga
ngunit maling-mali ka sa iyong akala."



“Kung tingin mo sa sarili ay nakalalamang ka,
bakit di mo subukang pagmasdan ang iba?
Masdan mo si Palaka na walang
buntot na mahaba.
Mataas na lundag niya
ay iyo bang magagawa?”



"Masdan mo si Matsing na lalambi-lambitin.
Pag-akyat niya sa puno ay
kaya mo rin bang gawin?
Nariyan din si Pagong na mapagkumbaba
sa tigas ng likod niya,
sinong di mapapahanga?"




“Marahil malaki ka at kay lakas mo
kaya’t nasisindak ang lahat sa iyo.
Ngunit si Kalabaw na di kasing bangis mo,
magagawa mo rin ba
ang kaniyang pag-aararo?



"Tingnan mo si Usa at si Baboy Ramo
sa larangan ng pagtakbo,
sila ba ay iyong matatalo?
O, ako man na buntot at bibig ay kay liit,
magagawa mo rin ba
ang malambing kong pag-awit?

Sa sinabi ng maya, si Buwaya'y natahimik.
Sa mga wika nito, siya ay napaisip.
Di pala sa lahat siya ay nakalalamang
at wala siyang dahilan upang
magmayabang.





At mula noon ang buwaya
ay di na nagyabang.
Natuto siyang magpakumbaba
at manahimik na lamang.
Isang importanteng leksiyon
ang kaniyang natutuhan
na natatangi pala ang bawat nilalang.



## Tungkol sa May-akda




Si Alan Apple C. Cosare ay nagtapos ng Bachelor in Secondary Education (BSED) sa University of Southeastern Philippines (USEP), Bo. Obrero campus, Davao City. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Ikatlong Baitang sa Malabog Central Elementary School, Sangay ng Lungsod ng Davao.

Bukod sa pagsusulat, hilig din niya ang pagguhit ng mga maiikling kuwentong pambata. Sa katunayan, siya ay nakatanggap ng unang gantimpala bilang ilustrador sa Kindergarten category sa ginanap na pangrehiyong lebel ng National Competition on Storybook Writing 2018 ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon XI.

## Tungkol sa Tagaguhit



Ang gumuhit ay si G. Mateo D. Dedal, isang guro mula sa Mababang Paaralan ng Bobon, dibisyon ng Mati City. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo ng asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, MAPEH at Edukasyon sa Pagpapakatao sa ikaanim na baitang. Siya ay nagtapos ng kurong Bachelor of Elementary Education mula sa Davao Oriental State University. Siya rin ay kasalukuyang nag-aaral ng Master of Arts major in Educational Management sa parehong unibersidad.



# At Natuto si Buwaya

Minsan ay may isang
buwayang mapagmalaki.
Mataas ang kaniyang
tingin sa sarili.
Isang araw ay nagyabang siya
sa lahat ng mga hayop sa gubat.
Ngunit nang si Maya ay sumabat,
siya ay nagulat.

Ano-ano kaya ang mga sinabi
ng maya sa buwaya?

Halina't tuklasin
ang mga naganap
sa maikling pabula.